# Perpormans sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino, San Miguel Technical Vocational School: Mungkahing Kaparaanan ng Pagpapabuti

Christian T. Galgao
San Miguel Technical Vocational School, San Miguel, Bohol, Philippines
*Corresponding Author e-mail: *christiangalgao9@gmail.com*

**Received**: 04 August 2022 **Revised**: 07 September 2022 **Accepted**: 17 September 2022
**Available Online**: 22 September 2022

**Volume I (2022), Issue 3, ISSN: 2945-3577**

***Abstrak***
***Layunin***: Ang pananaliksik na perpormans sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino bilang mungkahing kaparaanan ng pagpapabuti ay naglalahad ng mga kalagayan pangkasanayan ng mga mag-aaral. Sa katiyakan, nilalayon na makuha ang resulta ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng Pre-test at Post-test upang malaman ang perpormans ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang; akademik perpormans sa ikaapat na kwarter; mga salik na naka-apekto sa perpormans ng mga mag-aaral sa pagbasa ng isinagawang *Oral Reading Verification Test*; makabuluhang kaugnayan sa resulta ng *Oral Reading Verification Test* ng Post-test at akademik perpormans sa Filipino sa apat na mga baitang; makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* ng Pre-test at Post-test sa apat na mga baitang; antas ng baryans sa apat na baitang hinggil sa *Oral Reading Verification Test* at ng akademik perpormans; at mga kaparaanang pagpapabuti na maimungkahi.
***Metodolohiya:*** Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng dokumentadong sarbey na pamamaraan. Ginamit ng mananaliksik ang resulta ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) upang matukoy ang perpormans ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa na may tekstong kalakip at katanungan mula sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na may kabuuang bilang ng mga mag-aaral na 1,219 ngunit 294 lang ang naging respondente ng pananaliksik. Sa pamamagitan nito maiuugnay ang perpormans sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral tungo sa akademik perpormans sa asignaturang Filipino.
***Resulta:*** Napagtanto ng mananaliksik na lahat ng resulta sa ginawang *Oral Reading Verification Test* sa apat na mga baitang ay nagkamit ng *independent* sa asignaturang Filipino. Maipagpalagay ng mananaliksik na lahat ng mga mag-aaral ay may akademik perpormans na katumbas ng kasiya-siya o *very satisfactory* sa asignaturang Filipino sa ikaapat na markahan. Nalaman ng mananaliksik na, may kusang-loob na matuto sa pagbasa ang nangungunang maaring salik na nakaapekto sa perpormans ng mga mag-aaral sa pagbasa sa ginawang *Focus Group Discussion* (FGD). Napagtanto ng mananaliksik na may makabuluhang pagkakaugnay ang kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* at *Post-test* at akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sa apat na baitang, kung kaya ang unang *null* ay hindi tinanggap. Nalaman ng mananaliksik na may makabuluhang pagkakaugnay ang kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* at *Post-test* sa apat na mga baitang, kung kaya ang pangalawang *null* ay hindi tinanggap.
***Kongklusyon:*** Napagtanto ng mananaliksik na walang makabuluhang pagkakaroon sa antas ng baryans sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* at akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sa apat na baitang, kung kaya ang pangatlong *null* ay tinanggap.

***Susing Salita:*** *Oral Reading Verification Test* (ORVT), *Post-test, Pre-test*, Pagbasa, *Focused Group Discussion* (FGD), San Miguel Technical Vocational School

## INTRODUKSYON

Ang pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa pagtuklas ng karunungan ay mahalagang tungkulin ng isang indibidwal upang lumawak ang pananaw at magbukas ng kaalaman para matuto sa takbo ng buhay. Mahalaga ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa. Hindi maikakaila ang kahalagahan ng pagbasa bilang makrong kasanayang komunikasyon. Mula sa pagkilala sa mga nakalimbag na simbolo ng teksto, pagbibigay ng hinuha sa mga kaisipan at mga impormasyong nilalaman ng akda tungo sa pagiging mapanuri na hahantong sa pagbigay ng sariling reaksyon sa mga nakapaloob na kaisipan sa teksto hanggang sa pag-uugnay ng mga sariling karanasan sa kaganapan ng tekstong binasa na matapos sa pagpahayag ng damdamin ayon sa pamamaraan ng may-akda. Kung kaya, mahalaga na matuto ang mga mambabasa ng teknik at estratehiya sa pagbasa. Nararapat na bigyang pansin ng pamahalaan, guro at magulang ang mga gawaing tungkol sa pagbasa lalo na sa paghasa ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Nagsagawa ng pagsusuri upang malaman ang antas sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Natuklasan sa pagsusuri na isa sa apat na mga mag-aaral ang nahihirapan sa aspekto ng pagbasa, tulad ng pagkuha sa pangunahing ideya ng binasa at maging pagdugtong ng impormasyong nakuha mula sa binasa (Organization for

Economic Cooperation, and Development, 2018). Ang tinatawag na *The Philippine Informal Inventory* (Phil-IRI) ay isang hakbang ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na may direktiba upang hubugin ang mga mag-aaral na Pilipino sa kasanayan sa pagbasa.

Ipinapahayag sa gayong programa ang pagkakaroon ng seryosong pagpatupad nito lalo sa pag-unawa sa pagbasa. Mahalaga ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay nagsilbing kagamitan ng mga mag-aaral. Mainam na mapabuti ang estado ng kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral hinggil sa pag-unawa sa pagbasa, upang matamo ang dekalidad na pagkatuto at layunin ng nasabing programa ng gobyerno. Ang mga guro ay may malaking tungkulin sa paghubog ng likas na taglay ng mga mag-aaral lalo sa kakayahang literasi at pag-unawa na maging sandigan sa paghubog ng pagkatuto. Maisabuhay ang kahalagahan ng akdang panitikan sa paggamit nito bilang behikulo ng pagtuturo.

Ang *United Nations* ay naglalayong matugunan ang pagpa-angat ng edukasyon sa buong mundo lalo na sa pagbasa upang makamit ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon dito, *"…more than half of all children and adolescents worldwide are not meeting minimum proficiency standards in reading and mathematics."*, ito ay naging hamon sa bawat bansa upang makamit ang nilalayong antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa kasanayan sa pagbasa upang makamit ang layunin (Sustainable Development Goals, 2015).

Nagpatunay na ang pagkaroon ng sapat na kasanayan sa pagbasa ay mahalaga sa bawat mga mag-aaral. Ayon sa artikulo na pinamagatang *"Effect of Reading Comprehension Instruction Enrich with Cultural Materials on English Learning"* "*…reading comprehension instruction enriched with cultural materials positively contributed to learners' vocabulary knowledge and attitudes towards English lessons."* (Habok, 2019). Ipinapahayag sa gayong artikulo ang epekto ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ang positibong epekto sa ugali at isipan.

Bagaman may mga pag-aaral na nagpakita ng mga problemang kinaharap sa pagkatuto ng kasanayan sa pagbasa, ayon sa artikulo *"…the main problem with reading comprehension is that children lack the strategies to actively engage with the text so that they can understand it."*, minabuti na magkaroon ng agarang aksyon hinggil sa mga kinakaharap sa kasanayan sa pagbasa*(Common Reading Comprehension Difficulties Children Struggle With,* 2018). Ang pagkakaroon ng kawilihan na matuto ay isang mahalagang bagay upang maging epektibo ang pagkatuto.

Nagsagawa ng aksyon ang upang tugunan ang global na kasanayan sa pagbasa, *"…the UNESCO Institute for Statistics (UIS) has brought together a wide range of organizations that are leading the development, implementation and financing of oral reading assessments conducted in schools and households. Through a collaborative but technically rigorous process, they have identified common practices and effective strategies to design, implement and use these tools for effective policymaking based on experiences in more than 60 developing countries."*, (UNESCO Institute for Statistics, 2016). Layunin nito na matugunan ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa bilang unang layunin na nais malutas. Ang pagtulungan sa mga karatig bansa ay mahalaga upang mapadali ang pagpatupad ng mga programang maaaring makatulong upang matugunan ang kasanayan sa pagbasa. Sa tulong ng Kagawaran ng Edukasyon *(DepEd)* bilang nangungunang ahensya upang isulong ang kalidad na edukasyon sa bansa at sa tulong ng mga guro ay mapadali ang paghatid nito sa mga mag-aaral.

**Layunin**

Sa katiyakan, nilalayon ng mananaliksik na tahasang masagutan ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang perpormans ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng isinagawang *Oral Reading Verification Test* (ORVT) sa *Pre-test* at *Post-test* sa apat na mga baitang?
2. Ano ang akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino sa ikaapat na markahan sa apat na mga baitang?
3. Ano-ano ang mga salik na nakaapekto sa perpormans ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa mula sa kinalabasan sa isinagawang *Oral Reading Verification Test* (ORVT)?
4. Nagkaroon ba ng makabuluhang kaugnayan sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Post-test* at akademik perpormans sa Filipino sa apat na mga baitang?
5. Nagkaroon ba ng makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Pre-test* at *Post-test* sa apat na mga baitang?
6. Nagkaroon ba ng antas ng baryans sa apat na baitang hinggil sa mga sumusunod:
   6.1 *Oral Reading Verification Test (ORVT)* ng *Post-test*
   6.2 Akademik Perpormans

**Hypothesis**

Batay sa nakalahad na mga tiyak na suliranin ng pag-aaral, tiniyak sa pananaliksik na ito ang mga hipotesis na siyang sinuri para sa pagtanggap o kaya ay pagwawalang bisa:

**Ho1:** Walang makabuluhang kaugnayan sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Post-test* at akademik perpormans sa Filipino sa apat na mga baitang.

**Ho2:** Walang makabuluhang antas ng kaugnayan sa pagitan ng kinalabasan ang *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Pre-test* at *Post-test* sa apat na mga baitang.

**Ho3:** Walang makabuluhang antas ng baryans sa apat na mga baitang hinggil sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Post-test* at Akademik Perpormans.

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng dokumentadong sarbey na pamamaraan. Ginamit ng mananaliksik ang kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng mga mag-aaral sa taong 2019 upang matukoy ang perpormans ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa sa asignaturang Filipino na may tekstong kalakip at katanungan para sa mga mag-aaral mula sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Sa pamamagitan nito maiuugnay ang perpormans sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral tungo sa akademik perpormans sa ikaapat na kwarter sa asignaturang Filipino. Ang nasabing pagsusuri sa perpormans ng mga mag-aaral ay may kaakibat na apat na mga perpormans sa pagbasa ito ay ang *independent, instructional, frustration* at *non-reader*. Sa apat na mga perpormans sa pagbasa ay may kaakibat na basehan upang ang mag-aaral ay mapapaloob dito ayon sa kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, komprehensyon at kakayahan sa pagsagot sa mga katanugan mula sa teksto. Ang kinalabasan ng pagsusuri sa nakamit na perpormans sa pagbasa ng mga mag-aaral at kanilang akademik perpormans sa ikaapat na kwarter ng asignaturang Filipino ang magiging batayan sa pagsasagawa ng mungkahing kaparaanan ng pagpapabuti.

**Pamamaraan**

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng dokumentadong sarbey. Ang kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) na may kalakip na teksto at katanungan mula sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang makuha perpormans sa pagbasa ng mga mag-aaral sa apat na baitang. Dito nakasaad ang perpormans sa pag-unawa sa pagbasa ng mga respondente sa naturang pananaliksik. Ang *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *tool* ay may apat na antas sa pagbasa: *independent* (nagkamit ng isang pagkakamali sa pagbabasa at hindi nakasagot ng isang katanungan), *instructional* (nagkamit ng isa hanggang dalawang pagkakamali sa pagbabasa at hindi nakasagot ng isa hanggang dalawang mga katanungan), *frustration* (nagkamit ng dalawa o higit pa na pagkakamali sa pagbabasa at hindi nakasagot ng dalawa o higit pa sa mga katanungan) at *non-reader* (hindi nakamit ang inaasahan). Ito ay isang indibidwal na pagsasanay na ang mag-aaral ay nagbabasa ng pasalita at sinasagutan ang mga kasunod na katanungan. Binibigyan ng *rating* ang mag-aaral pagkatapos bumasa ng pasalita. Ang *rating* na ito ay itala ng eksaminer sa *Oral Reading Verification Test sheet*. Nagkaroon naman ng *Focus Group Discussion* (FGD) ang mananaliksik hinggil sa mga salik na maaaring nakaapekto sa perpormans sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na may labing anim (16) na mga aytem na salik na maaaring nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa upang maaaring pagpilian ng mga mag-aaral. Ang mga datos ay maayos na hinanay upang mapadali ang pagkakaroon ng pagsusuri sa mga nabanggit na mga datos na kinakailangan sa pag-aaral. Batay sa pagsusuri gamit ang *Wilcoxon Signed Ranks* lumalabas na may makabuluhang kaugnayan *(significant)* sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *Post-test* at *Pre-test* sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino. Ibig sabihin, kung may pagbabago naganap sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *Post-test* ay ganoon din sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *Pre-test* sa mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Sa pagsusuri na ginamitan ng *Kruskal-Wallis Test* lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans na nakamit ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Kung kaya, ang pangatlong null hipotesis hinggil sa baryans ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ay tinanggap. Batay sa pag-aaral na ginagamitan ng *Scheffe's Test* lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng natamong akademik perpormans ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Kung kaya ang pangatlong *null* hipotesis hinggil sa baryans ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ay tinanggap.

**RESULTA AT PAGTALAKAY**

Sa bahaging ito, matutunghayan ang presentasyon sa kinalabasan ng mga sinuring datos na siyang mahalaga sa pagtuklas sa mga layunin ng pag-aaral.

Ang talahanayan 1 ay naglalahad ng distribusyon ng mga respondente. Sa kabuuang bilang na 1,219 ng Junior High School mula baitang 7 hanggang baitang 10 ay pumili lamang ng 294 na respondente para sa pananaliksik. Ito ay na ayon sa karampatang bahagdan ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral.

Talahanayan 1
Distribusyon ng mga Respondente
N = 294

| **Baitang** | ***Frequency*** | **Bahagdan** | ***Rank*** |
|---|---|---|---|
| Baitang 7 | 74 | 25.17% | 2.5 |
| Baitang 8 | 82 | 27.89% | 1.0 |
| Baitang 9 | 74 | 25.17% | 2.5 |
| Baitang 10 | 64 | 21.77% | 4.0 |
| **KABUUAN** | **294** | **100%** | |

Inilahad dito ang bilang at bahagdan ng kabuuang mag-aaral na respondente ng pananaliksik, pinakamarami ang baitang 8 na may 82 (27.89%), sumunod ang baitang 7 at baitang 9 na kapwa nagtamo ng 74 (25.17%), habang nasa panghuli naman ang baitang 10 na may 64 (21.77%), kung kaya sa kabuuang bilang ay may 294 (100%) na mga respondente sa pag-aaral.

Makikita sa talahanayan 6 ang buod ng kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang, makikita dito na mayroong isandaan pitumpu't siyam (179) o limampu't siyam punto walumpu't anim bahagdan (59.86%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na may katumbas na *independent*, siyamnapu't apat (94) o tatlumpu't isa punto siyamnapu't pitong bahagdan (31.97%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na may katumbas na *instructional,* dalawampu't tatlo (23) o pito punto walumpu't dalawang bahagdan (7.82%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na may katumbas na *frustration*, isa (1) sa mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na *non-readers*. Ang bahaging ito ng perpormans ng mga mag-aaral ay nagkamit ng *mean* na tatlo punto limampu't isa (3.51) na may katumbas na perpormans na *independent* at may *standard deviation* na punto animnapu't lima (0.65) sa *pre-test* ng nasabing kasanayan.

Sa gayon ding talahanayan, makikita ang kinalabasan ng *post-test* kung saan, dalawandaan tatlumpu't isa (231) o pitumpu't walo punto limampu't anim bahagdan (78.57%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na *independent*, animnapu't tatlo (63) o dalawampu't isa punto apatnapu't tatlong bahagdan (21.43%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na *instructional*, walang (0) mag-aaral ang nagkamit o nakakuha ng perpormans na *frustration* at *non-reader*. Ang bahaging ito ng perpormans ng mga mag-aaral ay nagkamit ng *mean* na tatlo punto pitumpu't walo (3.78) na may katumbas na perpormans na *independent* at may *standard deviation* na punto apatnapu't isa (0.41) sa *post-test* ng nasabing kasanayan.

Samakatuwid, nagtamo ng perpormans sa pagbasa ang mga mag-aaral mula sa *pre-test* at *post-test* ng *independent* na perpormans sa pag-unawa sa pagbasa.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa aklat ni Badayos (2019) na *psycholinguistic guessing game* na ibig sabihin binibigyang tugon ng mga mambabasa ang pagkakaroon ng paunang kaisipan mula sa teksto o babasahin, sapagkat karamihan sa mga mag-aaral ay nagtamo ng *independent* na perpormans sa pagbasa.

Talahanayan 6
Buod ng Kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *Pre-test* at *Post-test* ng mga Mag-aaral sa Apat na mga Baitang
N=294

| **Baitang 7 hanggang 10** | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***Oral Reading Verification Test* (ORVT)** | ***Pre-test*** | | | ***Post-test*** | | |
| | ***Frequency*** | **Bahagdan** | ***Rank*** | ***Frequency*** | **Bahagdan** | ***Rank*** |
| ***Independent*** | 176 | 59.86% | 1.0 | 231 | 78.57% | 1.0 |
| ***Instructional*** | 94 | 31.97% | 2.0 | 63 | 21.43% | 2.0 |
| ***Frustration*** | 23 | 7.82% | 3.0 | 0 | .00% | 3.5 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ***Non-Reader*** | 1 | .34% | 4.0 | 0 | .00% | 3.5 |
| **Kabuuan** | 294 | 100% | | 294 | 100% | |
| ***Mean*** | 3.51 | *Independent* | | 3.78 | *Independent* | |
| ***Standard Deviation*** | 0.65 | | | 0.41 | | |

Makikita sa talahanayan 11 ang buod ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino sa ikaapat na markahan ng mga mag-aaral sa apat na baitang nagtamo ng pitumpu't isa (71) o dalawampu't apat punto labinlima bahagdan (24.15%) na mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng perpormans na 90-100 na may katumbas na katangi-tangi *(outstanding),* isandaan labinwalo (118) o apatnapu punto labinapat na bahagdan (40.14%) ng mga mag-aaral ang nakakuha ng antas ng perpormans na 85-89 na may katumbas na higit na kasiya-siya *(very satisfactory),* siyamnapu't lima (95) o tatlumpu't dalawa punto walumpu't isa bahagdan (32.81%) na mga mag-aaral ang nakakuha ng perpormans na 80-84 na may katumbas na kasiya-siya *(satisfactory),* sampu (10) o tatlo punto apatnapu bahagdan (3.40%) na mga mag-aaral ang nakakuha nga antas ng perpormans na 75-79 na may katumbas na bahagyang kasiya-siya *(fairly satisfactory)* at walang mag-aaral ang nakakuha ng antas ng perpormans na mababas sa 75 na ang ibig sabihin hindi nakamit ang inaasahang perpormans.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa aklat ni Krashen (2015) na pinamagatang *"Free Voluntary Reading: Linguistic and Affective Arguments and Some New Applications"* ayon dito ang mga mag-aaral ay malaya at boluntaryong pagbasa ay maaaring tulay tungo sa mas mataas na kakayahang komunikatibo at akademik, sapagkat nagtamo ang mga mag-aaral na higit na kasiya-siya *(very satisfactory)* na perpormans sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino.

Talahanayan 11
Buod ng Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Filipino sa Ikaapat na Markahan ng mga Mag-aaral sa Apat na Baitang
N=294

| **Lebel ng Perpormans** | **Baitang 7 hanggang 10** | | |
|---|---|---|---|
| | ***Frequency*** | **Bahagdan** | ***Rank*** |
| **90-100 (O) Katangi-tangi** | 71 | 24.15% | 3.0 |
| **85-89 (VS) Higit na kasiya-siya** | 118 | 40.14% | 1.0 |
| **80-84 (S) Kasiya-siya** | 95 | 32.31% | 2.0 |
| **75-79 (FS) Bahagyang Kasiya-siya** | 10 | 3.40% | 4.0 |
| **DME Below 75 Hindi nakamit ang inaasahan** | 0 | 0% | 5.0 |
| **Kabuuan** | 294 | 100% | |
| ***Mean*** | 86.33 | Higit na kasiya-siya (VS) | |
| ***Standard Deviation*** | 4.02 | | |

Legend:

| ***Range*** | **Interpretasyon** |
|---|---|
| 90-100 | Katangi-tangi *(Outstanding)* |
| 85-89 | Higit na kasiya-siya *(Very Satisfactory)* |
| 80-84 | Kasiya-siya *(Satisfactory)* |
| 75-79 | Bahagyang kasiya-siya *(Fairly Satisfactory)* |
| *Below* 75 | Hindi nakamit ang inaasahan |

Mula sa kabuuang bilang ng mag-aaral sa apat na mga baitang, at batay sa kanilang akademik perpormans sa ikaapat na markahan, ito ay nagpapakita na nagtamo na *mean* na walumpu't anim punto tatlumpu't tatlo (86.33) o may katumbas na higit na kasiya-siya *(very satisfactory)* na perpormans na may *standard deviation* na apat punto dalawampu (4.02).

Makikita sa talahanayan 12 ang mga salik na nakaapekto sa perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino sa apat na baitang sa pag-unawa sa pagbasa na nangunguna ang dalawandaan pitumpu't pito (277) o siyamnapu't apat punto dalawampu't isang bahagdan (94.21%) na mga mag-aaral na nagpakita ng salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbasa ang aytem na kusang-loob na matuto sa pagbabasa. Pumapangalawa ang dalawandaan pitumpu't pito (204) o siyamnapu't apat punto dalawampu't isang bahagdan (69.38%) na mga mag-aaral na nagpapakita ng salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbasa ang aytem na nag-aaral upang maintindihan ang mga aralin. Pumapangatlo ang dalawandaan at isa (201) o animnapu't walo punto tatlumpu't anim (68.36%) mga mag-aaral na nagpakita ng salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbasa ang aytem na kulang ang mga kagamitang babasahin.

Talahanayan 12
Mga Salik na Nakaapekto sa Perpormans ng Mag-aaral sa Filipino sa Apat na Baitang sa Pag-unawa sa Pagbasa
N=294

| **Mga Salik na Nakaapekto sa Perpormans ng Mag-aaral sa Pag-unawa sa Pagbasa** | **Baitang 7 hanggang Baitang 10** | | |
|---|---|---|---|
| | ***Frequency*** | **Bahagdan** | ***Rank*** |
| 1. Nahihirapan sa pag-unawa sa mga paksa. | 134 | 47.57% | 6 |
| 2. Madaling maka-unawa sa mga paksa. | 121 | 41.15% | 7 |
| 3. Hindi makasabay sa estilo ng pagtuturo. | 51 | 17.34% | 11 |
| 4. Madaling maka-unawa sa mga aralin na itinuturo ng guro. | 118 | 40.13% | 8 |
| 5. Walang nag-susubaybay sa pag-aaral sa loob ng bahay. | 179 | 60.88% | 5 |
| 6. Kulang ng motibasyon sa pag-aaral upang matuto. | 101 | 34.35% | 9 |
| 7. Nag-aaral upang maintindihan ang mga aralin. | 204 | 69.38% | 2 |
| 8. Hindi alam ang ibang kahulugan ng mga salita na binasa. | 55 | 18.70% | 10 |
| 9. Nahihirapan sa pagbigkas. | 31 | 10.54% | 13 |
| 10. May kaalaman sa wastong paggamit ng mga salita. | 197 | 67.00% | 4 |
| 11. Palaging nagbabasa ng iba't ibang aklat. | 43 | 14.62% | 12 |
| 12. Kulang ang mga kagamitang babasahin. | 201 | 68.36% | 3 |
| 13. May malakas na *internet connection* sa bahay. | 27 | 9.18% | 14 |
| 14. Palaging sinusubaybayan ng mga magulang sa pag-aaral. | 21 | 0.07% | 15 |
| 15. May kusang-loob na matuto sa pagbabasa. | 277 | 94.21% | 1 |
| 16. Iba pang salik sa na nakaapekto sa perpormans sa pagbasa: ____________ | 13 | 0.04% | 16 |
| Kabuuan: | 294 | 100% | |

Napagalaman sa gayong talahanayan ang tatlong aytem na nagkamit ng pinakamababa na tala ng salik na nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ang dalawampu't pito (27) o siyam punto labinwalong bahagdan (9.18%) na mga mag-aaral na nagpakita ng salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa ang aytem na may malakas na internet sa bahay. Pumapangalawa ang dalawampu't isa (21) o punto pito na bahagdan (0.07%) na mag-aaral ang nagpakita ng salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa ang aytem na palaging sinusubaybayan ng mga magulang sa pag-aaral. Pangatlo ang labintatlo (13) o punto apat (0.04%) na mga mag-aaral na nagpakita ng salik na naka-apekto sa kanilang pag-unawa ang aytem na iba pang salik na naka-apekto sa perpormans sa pagbasa.

Batay sa mga salik na nakaapekto sa perpormans sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nangunguna ang may kusang-loob na matuto sa pagbabasa. Kung kaya kinakailangan na pagtuunang pansin ang mga salik na nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa upang lalong mapaunlad ang perpormans sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Adler (2015) na pimagatang *"How to Read a Book"* ayon sa pag-aaral na may mga bagay na dapat pagdaanan ang mga mambabasa bago makamit ang mataas na antas sa pagbasa, sapagkat ayon sa mga salik nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral nanguna ang aytem na may kusang-loob na matuto sa pagbabasa. May kawilihan na matuto ang mga mag-aaral ayon sa kanyang kagustuhan.

Makikita sa talahanayan 17 ang buod ng kaugnayan sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* at akademik perpormans sa ikaapat na markahan sa apat na mga baitang na nagtamo ng *correlation coefficient* na isa (1.000) sa kinalabasan ng isinagawang *Oral Reading Verification Test* sa *post-test*, punto limandaan tatlumpu't lima (0.535) ang natamong lebel ng perpormans ng mga mag-aaral at nagkamit ng wala (0.000) para sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test*.

Talahanayan 17
Buod ng Kaugnayan sa Kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Post-test* at Akademik Perpormans sa Ikaapat na Marakahan sa Apat na mga Baitang
N=294

| **Baitang 7 hanggang 10** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ***Oral Reading Verification Test* ng *Post-test*** | **Lebel ng Perpormans** |
| ***Spearman's rho*** | ***Oral Reading Verification Test (ORVT)* ng *Post-test*** | ***Correlation Coefficient*** | 1.000 | .535** |
| | | ***Significance (2-tailed)*** | - | .000 |
| | | ***N*** | 294 | 294 |
| | **Lebel ng Perpormans** | ***Correlation Coefficient*** | .535** | 1.000 |
| | | ***Significance (2-tailed)*** | .000 | - |
| | | ***N*** | 294 | 294 |
| ***P-value ≤ 0.05 Result: Significant Decision: Reject Ho*** | | | | |

*******Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).***

Natuklasan sa nasabing pagsusuri na mas mababa ang natamong *p-value* na wala (0.000) kaysa *p-value* na puntu't lima (0.05) na nangahulugan na may makabuluhang kaugnayan *(significant)* sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *Post-test* at ng akademik perpormans sa ikaapat na markahan ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa aklat ni Moore (2015) na *"Reading Comprehension: Cognitive Skills, Strategies, and Interventions"* ayon sa pag-aaral hindi lamang nakatuon sa isang bagay ang nakaapekto sa pagkakaroon ng pag-unawa sa pagbasa. Natuklasan na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) at ng akademik perpormans, ibig sabihin kung may pagbabago sa perpormans sa pagbasa ganoon din sa akademik perpormans.

Makikita sa talahanayan 22 ang buod ng antas ng kaugnayan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang na nagtamo ng *correlation coefficient* na isa (1.000) sa kinalabasan ng isinagawang *Oral Reading Verification Test* sa *pre-test*, punto animnaraan siyamnapu't siyam (0.699) ang natamong *Oral Reading Verification Test* sa *post-test* ng mga mag-aaral at nagkamit ng *p-value* na wala (0.000) para sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test.*

Talahanayan 22
Buod ng Antas sa Kaugnayan ng *Oral Reading Reading Verification Test* (ORVT) ng *Pre-test* at *Post-test* ng mga Mag-aaral sa Apat na mga Baitang
N=294

| **Baitang 7 hanggang 10** | | |
|---|---|---|
| | ***Oral Reading Verification Test (ORVT) Pre-test*** | ***Oral Reading Verification Test (ORVT) Post-test*** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Spearman's rho*** | ***Oral Reading Verification Test* (ORVT)** | ***Correlation Coefficient*** | .699** | 1.000 |
| | | ***Significance (2-tailed)*** | .000 | - |
| | | ***N*** | 294 | 294 |
| ***P-value ≤ 0.05 Result: Significant Decision: Reject Ho*** | | | | |

*****Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed).***

Natuklasan sa nasabing pagsusuri na mas mababa ang natamong *p-value* na wala (0.000) kaysa *p-value* na puntu't lima (0.05) na nangahulugan na may makabuluhang kaugnayan *(significant)* sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *pre-test* at ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) *post-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Brook (2015) na pinamagatang *"The Development of Comprehension of Main Ideas in Narratives: Evidence from the Selection of Titles"* inilahad sa pag-aaral ang pagkakaroon ng ng kaibahan ng antas sa pag-unawa sa pagbasa ng mambabasang bata at nakatatanda. Sapagkat, natuklasan sa pagsusuri na kung may pagbabagong maganap sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *Pre-test* ganoon din sa *Pre-test.*

Makikita sa talahanayan 23 ang antas ng kaugnayan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang sa pagsusuri ng ginagamitan ng *Wilcoxon Signed Ranks Test* lumalabas sa dalawandaan siyamnapu't apat (294) na bilang ng kabuuang mga mag-aaral sa apat na mga baitang ang nagtamo ng *p-value* na wala (0.000) sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* at *pre-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang.

Talahanayan 23
Antas ng Kaugnayan sa *Oral Reading Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* at *post-test* ng mga Mag-aaral sa Apat na mga Baitang
N=294

| | | N | *Mean Rank* | *Sum of Ranks* |
|---|---|---|---|---|
| *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* ng Baitang 7 *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* ng Baitang 7 | *Negative Ranks* | 0[a] | 0.00 | 0.00 |
| | *Positive Ranks* | 15[b] | 8.00 | 120.00 |
| | *Ties* | 59[c] | | |
| | *Total* | 74 | | |
| *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* ng Baitang 8 *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* ng Baitang 8 | *Negative Ranks* | 0[d] | 0.00 | 0.00 |
| | *Positive Ranks* | 34[e] | 17.50 | 595.00 |
| | *Ties* | 48[f] | | |
| | *Total* | 82 | | |
| *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* ng Baitang 9 *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* ng Baitang 9 | *Negative Ranks* | 0[g] | 0.00 | 0.00 |
| | *Positive Ranks* | 17[h] | 9.00 | 153.00 |
| | *Ties* | 57[i] | | |
| | *Total* | 74 | | |
| *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* ng Baitang 10 *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* ng Baitang 10 | *Negative Ranks* | 0[j] | 0.00 | 0.00 |
| | *Positive Ranks* | 13[k] | 7.00 | 91.00 |
| | *Ties* | 51[l] | | |
| | *Total* | 64 | | |
| *Oral Reading Verification Test* ng *Post-test* at | *Negative Ranks* | 0[m] | 0.00 | 0.00 |

| *Oral Reading Verification Test* ng *Pre-test* | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Positive Ranks* | 79ⁿ | 40.00 | 3160.00 |
| | *Ties* | 215ᵒ | | |
| | *Total* | 294 | | |
| ***P-value ≤ 0.05 Result: Significant Decision: Reject Ho*** | | | | |

Natuklasan sa nasabing pagsusuri na mas mababa ang natamong *p-value* na wala (0.000) kaysa *p-value* na puntu't lima (0.05) na nangangahulugan na may makabuluhang kaugnayan *(significant)* sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* at *pre-test* sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino.

Makikita sa talahanayan 24 ang antas ng baryans sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang na ginamitan ng *Kruskal-Wallis Test* sa dalawandaan siyamnapu't apat (294) na kabuuang bilang ng mga mag-aaral nagtamo ng *p-value* na punto walundaan limampu't pito (0.857). Lumabas sa pagsusuri na mas mataas ang natamong *p-value* ng pagsusuri kaysa *significance value* na punto lima (0.05) na nangahulugan na walang makabuluhang antas ng baryans sa *Oral Reading Verification Test* ng *post-test* sa mga mag-aaral.

Talahanayan 24
Antas ng Baryans sa *Oral Reading Reading Verification Test* (ORVT) ng *Post-test* ng mga Mag-aaral sa Apat na mga Baitang
**N=294**

| | **Baitang** | **N** | ***Mean Rank*** | ***Mean*** |
|---|---|---|---|---|
| ***Oral Reading Verification Test* (ORVT)** | 7 | 74 | 151.19 | 3.81 |
| | 8 | 82 | 143.15 | 3.75 |
| | 9 | 74 | 149.20 | 3.79 |
| | 10 | 64 | 146.84 | 3.78 |
| | **Kabuuan** | 294 | | |
| ***P-value= 0.857 Result: Insignificant Decision: Failed to Reject Ho*** | | | | |

Samakatuwid, natuklasan na walang makabuluhang pagkakaiba ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) sa apat na mga baitang ng mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa aklat nina Jia at Liang (2017) tungkol sa *standard accuracy* ang pagkaroon ng lubusang pag-aaral upang maging mahasa ang mga mag-aaral sa mga kasanayan sa makabuluhang pagbasa. Sapagkat, natuklasan sa pagsusuri ng pag-aaral na walang makabuluhang antas ng baryans sa *Oral Reading Verification Test ng Post-test*. Sa katiyakan, walang makabuluhang pagkakaiba sa kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 25 ang antas ng baryans sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino na ginagamitan ng *Annova Test* sa dalawandaan siyamnapu't apat (294) na kabuuang bilang ng mga mag-aaral nagtamo ng *significance value* na punto dalawandaan walumpu't anim na mas mataas sa *significance value* na punto lima (0.05) na nangangahulugan na walang makabuluhang antas ng baryans ang akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sa apat na mga baitang.

Talahanayan 25
Antas ng Baryans sa Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Markahan ng Asignaturang Filipino
N=294

| | ***Sum of Squares*** | ***df*** | ***Mean Square*** | ***F*** | ***Sig.*** |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Between*** | 61.258 | 3 | 20.419 | 1.265 | .286 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Groups*** | | | | | |
| ***Within Groups*** | 4680.076 | 290 | 16.138 | | |
| ***Kabuuan*** | 4741.333 | 293 | | | |
| ***P-value= 0.286***<br>***Result: Insignificant***<br>***Decision: Failed to Reject Ho*** | | | | | |

Samakatuwid, walang makabuluhang kaibahan sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino sa apat na mga baitang.

Ang kinalabasang ito ay may kaugnayan sa aklat nina Jia at Liang (2017) tungkol sa *standard accuracy* ang pagkakaroon ng lubusang pag-aaral upang maging mahasa ang mga mag-aaral sa mga kasanayan sa makabuluhang pagbasa. Sapagkat, natuklasan sa pagsusuri ng pag-aaral na walang makabuluhang antas ng baryans sa akademik perpormans. Sa katiyakan, walang makabuluhang pagkakaiba sa kinalabasan ng akademik perpormans ng mga mag-aaral.

Makikita sa talahanayan 26 ang antas ng baryans sa akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino ginamitan ng *Scheffe's Test* sa dalawandaan siyamnapu't apat (294) na kabuuang bilang ng mga mag-aaral nagtamo ng *significance value* na punto dalawandaan walumpu't anim na mas mataas sa *significance value* na punto lima (0.05) na nangangahulugan na walang makabuluhang antas ng baryans ang akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sa apat na mga baitang.

Talahanayan 26
Antas ng Baryans sa Akademik Perpormans ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Markahan ng Asignaturang Filipino
N=294

| **Baitang** | | ***Mean Difference*** | ***Standard Error*** | ***Significance*** | ***95% Confidence Interval*** | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | ***Lower Bound*** | ***Upper Bound*** |
| 7 | 8.0 | 1.25478 | 0.64412 | 0.287 | -.5565 | 3.0660 |
| | 9.0 | 0.64865 | 0.66043 | 0.810 | -1.2085 | 2.5058 |
| | 10.0 | 0.64274 | 0.68574 | 0.831 | -1.2856 | 2.5710 |
| 8 | 7.0 | -1.25478 | 0.64412 | 0.287 | -3.0660 | .5565 |
| | 9.0 | -0.60613 | 0.64412 | 0.829 | -2.4174 | 1.2051 |
| | 10.0 | -0.61204 | 0.67005 | 0.841 | -2.4962 | 1.2721 |
| 9 | 7.0 | -0.64865 | 0.66043 | 0.810 | -2.5058 | 1.2085 |
| | 8.0 | 0.60613 | 0.64412 | 0.829 | -1.2051 | 2.4174 |
| | 10.0 | -0.00591 | 0.68574 | 1.000 | -1.9342 | 1.9224 |
| 10 | 7.0 | -0.64274 | 0.68574 | 0.831 | -2.5710 | 1.2856 |
| | 8.0 | 0.61204 | 0.67005 | 0.841 | -1.2721 | 2.4962 |
| | 9.0 | 0.00591 | 0.68574 | 1.000 | -1.9224 | 1.9342 |
| ***P-value= 0.286***<br>***Result: Insignificant***<br>***Decision: Failed to Reject Ho*** | | | | | | |

Samakatuwid, walang makabuluhang pagkakaiba ng akademik perpormans sa mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino.

## KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan sa pagsusuri, ang mga sumusunod na kongklusyon ay inilahad:

Batay sa buod ng kinalabasan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* at *post-test* sa mga mag-aaral ng asignaturang Filipino sa apat na mga baitang, natuklasan na nagtamo ng perpormans na *independent* ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Napatunayan sa pag-aaral na karamihan sa mga mag-aaral sa apat na mga baitang ay may kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng asignaturang Filipino.

Batay sa buod ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan sa apat na mga baitang ng mga mag-aaral ang perpormans na higit na kasiya-siya *(very satisfactory)* sa asignaturang Filipino. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa apat na mga baitang ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino.

Natuklasan sa pagsusuri na may makabuluhang kaugnayan ng *Oral Reading Verification Test (*ORVT) sa *post-test* tungo sa akademik perpormans ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ng asignaturang Filipino. Ibig sabihin, kung may pagbabago sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) sa *post-test* ay ganoon din sa akademik perpormans ng mga mag-aaral. Sa gayon, ang *null* hipotesis ay hindi tinanggap.

Natuklasan sa isinagawang *focused group discussion* hinggil sa mga salik na nakaapekto sa perpormans sa pagbasa na nanguna ang salik na may kusang-loob na matuto sa pagbabasa at panghuli naman ang iba pang salik na naka-apekto ng perpormans sa pagbasa. Napatunayan sa pag-aaral na kadalasan sa mga mag-aaral sa apat na mga baitang ay may sariling kawilihang matuto sa pagbabasa.

Batay sa buod ng pag-aaral mula sa kinalabasan isinigawang *Oral Reading Verifcation Test* (ORVT) sa *pre-test* at *post-test* sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino ay lumalabas na mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng *Oral Reading Verifcation Test* (ORVT) sa *pre-test* at *post-test*. Kung kaya, ang *null* hipotesis ay hindi tinanggap.

Batay sa pagsusuri gamit ang *Wilcoxon Signed Ranks* lumabas na may makabuluhang kaugnayan *(significant)* sa pagitan ng *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* at *pre-test* sa apat na mga baitang ng asignaturang Filipino. Ibig sabihin, kung may pagbabago maganap sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *post-test* ay ganoon din sa *Oral Reading Verification Test* (ORVT) ng *pre-test* sa mga mag-aaral sa apat na mga baitang.
Sa pagsusuri na ginagamitan ng *Kruskal-Wallis Test* lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng akademik perpormans na nakamit ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Kung kaya, ang pangatlong null hipotesis hinggil sa baryans ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ay tinanggap.

Batay sa pag-aaral na ginagamitan ng *Scheffe's Test* lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng natamong akademik perpormans ng mga mag-aaral sa apat na mga baitang. Kung kaya ang pangatlong null hipotesis hinggil sa baryans ng akademik perpormans ng mga mag-aaral sa ikaapat na markahan ay tinanggap.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga kinalabasan at nabuong kongklusyon, masigasig na iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1.Nararapat na magkaroon ng programang pampaaralan gaya ng buwanang pagpapabasa sa mga mag-aaral upang matuunang pansin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral upang mahasa ang kakayahan at maagapan ang kakulangan sa mga kasanayan sa pagbasa ng nito.

2.Magsagawa ng ebalwasyon ng pagbasa sa bawat kwarter ng taong panuruan upang malaman ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapahusay ang kasanayan sa pagbasa.

3.Magkaroon kaagad ng hiwalay na pagsasanay sa mga mag-aaral na nakakuha ng mababang puntos sa pagbasa at malapatan kaagad ang kanilang kakulangan sa kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa lalong lalo na sa asignaturang Filipino.

4.Bigyang-diin ang pagkaroon ng *subject integration* gaya ng asignaturang Ingles at Filipino sa mga mag-aaral upang madagdagan ang kaalamang pang-bukabularyo ng mga mag-aaral sa ibang asignatura upang malaman ng mga mag-aaral ang ibang kahulugan ng salita.

5.Magsagawa ng buwanang *Learning Action Cell (LAC) session* ng mga guro tungkol sa pagtuturo ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Ito ay magbibigay ng pagkakataon sa mga guro upang maisagawa ang epektibong pagkatuto at pagtuturo ng kasanayan sa pagbasa.

6.Magkaroon ng taunang rebyu sa mga programang pampaaralan tungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

7.Magkaroon ng buwanang pagpupulong sa mga guro at mga magulang sa bawat kwarter upang pag-usapan ang kalagayan ng mga mag-aaral hinggil sa kasanayan sa pag-unawaa sa asignaturang Filipino. Mahalaga ang impormasyon na makuha mula sa mga magulang na maaaring pagkunan ng ideya sa pagbuo ng iba pang programa.

8.Magkaroon ng indibidwal na pag-papabasa sa bawat kwarter sa mga mag-aaral upang magkaroon *self-discovery learning*.

9.Magkaroon ng taunang *enhancement seminar* sa mga guro upang mapaunlad ang kanilang kaalaman hindi lamang tungkol sa loob ng paaralan pati na rin sa kilos o galaw ng mga mag-aaral upang malaman ng guro ang indibidwal na katayuan ng mga mag-aaral.

**Pagkilala**
Ang mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa kay Bb. Zadel Teresa P. Boncales, RPm, RGC sa kanyang supporta hanggang matapos ang pananaliksik.

**SANGGUNIAN**

ABS-CBN News (2019). Programme for International Student Assessment (PISA). https://Mga mag-aaral na Pinoy, pinakamahina sa 79 bansa sa pag-intindi ng binabasa: PISA | ABS-CBN News

Adler, M. (2015). How to Read a Book. https://How to Read a Book: The Ultimate Guide by Mortimer Adler - Farnam Street (fs.blog)

Aksan, N. at Kisac, B. (2016). A Descriptive Study: Reading Comprehension and Cognitive Awareness Skills. https://(PDF) A descriptive study: Reading comprehension and cognitive awareness skills (researchgate.net)

Ang 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas. https://ANG 1987 KONSTITUSYON NG REPUBLIKA NG PILIPINAS (niu.edu)

Ang Code of Ethics for Professional Teachers. https://Teacher codes of conduct | IIEP Unesco - Etico | Platform on ethics and corruption in education

Ang Education Act of 1982. https://PHILIPPINE LAWS, STATUTES AND CODES - CHAN ROBLES VIRTUAL LAW LIBRARY

Badayos, (2019). Pagbasa at mga Teorya. https://PAGBASA AT MGA TEORYA Flashcards | Quizlet

Brook, E. (2015). The Development of Comprehension of Main Ideas in Narratives: Evidence From the Selection of Titles. Journal of Educational Psychology. https://The Development of Comprehension of Main Ideas in Narratives: Evidence From the Selection of Titles. - PsycNET (apa.org)

Huy, P. (2016). Top Ten Principles for Teaching Extensive Reading. https://Top Ten Principles for Teaching Extensive Reading (slideshare.net)

Jia, R. at Liang P. (2017). Adversarial Examples for Evaluating Reading Comprehension Systems. https://[1707.07328] Adversarial Examples for Evaluating Reading Comprehension Systems (arxiv.org)

Kendeou, P. et al. (2017). Preparing for Reading Comprehension: Forstering Text Comprehension Skills in Preschool and Early Elementary School Children. https://Preparing for reading comprehension: Fostering text comprehension skills in preschool and early elementary school children | International Electronic Journal of Elementary Education (iejee.com)

Kolb, D. (2014). Experiential Learning: Experience as the Source of Learning and Development. https://Experiential Learning: Experience as the Source of Learning and Development - David A. Kolb - Google Books

Krashen, S. (2015). Free Voluntary Reading: New Research, Applications, and Controversies. https://Free Voluntary reading: New Research, Applications, and Controversies (sdkrashen.com)

Mindchamps (2019). Common Reading Comprehension Difficulties Children Struggle With. https://Common Reading Comprehension Difficulties Children Struggle With (mindchamps.org)

Moore, A. L. (2015). Reading Comprehension: Cognitive Skills, Strategies, and Interventions. https://[PDF] Reading Comprehension: Cognitive Skills , Strategies , and Interventions | Semantic Scholar

Republic Act 9155: Governance of Basic Education Act of 2001. https://Foundation of Education II - Google Books

Suk, N. (2016). The Effects of Extensive Reading on Reading Comprehension, Reading Rate, and Vocabulary Acquisition. https://The Effects of Extensive Reading on Reading Comprehension, Reading Rate, and Vocabulary Acquisition - Suk - 2017 - Reading Research Quarterly - Wiley Online Library

The Global Goals for Sustainable Development. https://Goal 4: Quality education - The Global Goals

UNESCO Institute for Statistics (2016). Understanding What Works in Oral Reading Assessments. https://uis.unesco.org/sites/default/files/documents/understanding-what-works-in-oral-reading-assessments-2016-en.pdf

United Nation (2020). https://Education - United Nations Sustainable Development

Vygotsky, L. (1997). Journal on Excellence in College Teaching, v8 n1 p83-103. https://ERIC-EJ577702 - Vygotsky's Zone of Proximal Development as a Theoretical Foundation for Cooperative Learning., Journal on Excellence in College Teaching, 1997 (ed.gov)